OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED 03/23/2021
BY
TIME 1:48 p.m.

MAR 23 2021 1:41 pm

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD

**ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 9**
**Serye 2021**

# PAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNANG IPATUTUPAD SA LUNGSOD NG MALOLOS MULA IKA-22 NG MARSO, 2021 HANGGANG SA ANG KLASIPIKASYONG PANGKUWARENTINA NG LUNGSOD NA SA KASALUKUYAN AY GENERAL COMMUNITY QUARANTINE AY MABAGO.

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng *Memorandum From the Executive Secretary* na nilagdaan noong ika-21 ng Marso, 2021 patungkol sa *Additional Measures to Address the Rising Cases of COVID-19 in the Country,* ipinabatid na inaprubahan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas – Pangulong Rodrigo Roa Duterte, ang Resolution No. 104 na isinumite ng *Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases*;

**SAPAGKAT,** inilatag ng nasabing *Memorandum* ang mga alituntuning susundin upang mabigyang-tugon ang tumataas na bilang ng kaso ng COVID-19 sa bansa ng Republika ng Pilipinas;

**SAPAGKAT,** isinailalim sa General Community Quarantine ang Lalawigan ng Bulacan mula ika-22 ng Marso 2021 hanggang sa ika-4 ng Abril 2021;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 455 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Lungsod bilang Punong Tagapagpaganap ng pamahalaang lungsod ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

**NGAYON, SAMAKATUWID, ako, si INH. GILBERT T. GATCHALIAN**, Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, tungo sa nararapat na pagtalima sa nabanggit na *Memorandum of the Executive Secretary*, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod:

**SEKSYON I. PAHINTULOT NA LUMABAS NG BAHAY.** Tanging ang mga may edad 18 – 65 ang pinahihintulutang lumabas ng bahay. Tinatagubilinang manatili ng bahay ang lahat ng buntis, may mga *immunodeficiency, comorbidity*, at iba pang isyung pangkalusugan, liban na lamang kung ang kanilang paglabas ay hindi maipagpapaliban, gaya ng pagbili ng *essential goods* at *services*, o upang gampanan ang kani-kanilang mga gampanin sa industriya o tanggapang kanilang kinabibilangan.

Ikalawang Palapag ng Gusali ng Pamahalaang Lungsod
Barangay Bulihan, Lungsod ng Malolos 3000
Telephone No.: **0965-768-9338 / 0928-226-9755**
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com